## INTERNATIONAL NAPASA (April 2nd, 2024)

### 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG PEBRERO SA LOOB NG SIYUDAD

2月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng February ay nagkaroon ng kabuuang 21 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Shinomiya na may 3 kaso at may tag-2 kaso sa Takaracho, Tamura at Beniyacho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 8 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Megumigaoka na may 5 kaso at tag-2 kaso naman sa Beniyacho at Okazaki. Sa pagparada naman ng motorsiklo, ay ipinapayong bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng kandado na panglaban sa mga magnanakaw.

### 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa April 14 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN ・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

### 3)IMPORMASYON UKOL SA WALKING PARA SA KALUSUGAN

「健康ウオーキング」のお知らせ

Sa April 9 (Tuesday) ay magkakaroon ng paglalakad sa loob ng siyudad na ***“ WALKING PARA SA KALUSUGAN ”***. Dito ay maglalakad mula sa Nadeshiko Park hanggang sa Hanamizugawa. Sa mga gustong lumahok ay magkikita-kita sa Nadeshiko Park ng 9:20 ng umaga. Para sa mga mga katanungan ukol dito ay maaaring tumawag sa ***HEALTH SECTION ( KENKO KA )*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-55-2111 (0463-55-2111).**

### 4)IMPORMASYON UKOL SA STARGAZING EVENT

「星を見る会」のお知らせ

Sa April 19 (Friday), ay magkakaroon ng “***PAGTITIPON PARA SA PAGMAMASID NG MGA BITUIN”*** sa roof top ng Museum ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 7:30 ng gabi. Kung sakaling umulan ito ay hindi matutuloy. Dito ay maoobserbahan ang “ Ang Buwan at mga Bituin sa panahon ng Tagsibol”. Makakalahok ang may 80 katao. Para sa mga nais lumahok ay mag-apply sa pamamagitan ng pagpapadala ng Returned Post Card sa Museum

hanggang sa April 5. Maaari ring mag-apply sa ***e-Kanagawa Electronic Portal System***.